# Balitang Manmin

BILANG 68  AGOSTO 19, 2012


# 30 Taong Pagsulong ng Ebanghelyo sa Buong Mundo ng Manmin Central Church

## at Mahigit 10,000 Sangay at Katuwang na Iglesya





Karapatang maglathala ©2009.3.4 Pinamahalaan ng Manmin Central Church. Sarili ang lahat ng karapatan. May permiso ang paggamit.


Noong Hulyo 25, 2012, ipinagdiwang ang Ika-30 Anibersaryo ng Pagbubukas ng Manmin Central Church. Ang iglesyang ito, na nagsimula sa isang santuwaryong may sukat na 33 metro-kuwadrado, 13 miyembro, at humigit-kumulang P300, ay lumago at mayroon na ngayong 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya. Ang iglesyang ito ay nagpapahayag ng ebanghelyo ng kabanalan at ng kapangyarihan ng Diyos sa buong mundo. Sa pamamagitan ng ministeryo ng pagbobrodkast ng GCN TV at ng mga libro at iba pang babasahin, inihahatid nito ang pag-ibig ng Panginoon sa hindi mabilang na mga kaluluwa patungo sa kaligtasan. Ang 30 taong kasaysayan ng Manmin ay pinamumunuan at ginagabayan ng Espiritu.

Nang makilala ang Diyos ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee noong 1974, gumaling lahat ng karamdaman niya. Paglipas ng apat na taon, hinirang siya para maging pastor, at idinalangin niya ang pagsisimula ng isang iglesya. Habang nananalangin siya, nakatanggap siya mula sa Diyos ng mensaheng ito: "Simulan mo ang iglesya kapag napakainit ng panahon." Noong Hulyo 25 1982, binuksan niya ang iglesya ayon sa sinabi sa kanya ng Diyos. Inihatid niya ang mensaheng pinamagatang "The Treasure of Treasures is Faith" (Ang Kayamanan ng Mga Kayamanan ay Pananampalataya) sa pinakaunang pagsamba.

Dahil nananalangin sa santuwaryo araw-araw ang mga miyembro para sa kaharian at kabanalan ng Diyos tulad ng mga naunang iglesya, binigyan sila ng Diyos ng mga pangitain (visions) para sa pandaigdigang pangangaral ng ebanghelyo at sa pinakamalaking santuwaryo. Dahil pinatunayan ng mga alagad ng Panginoon ang Salita Niya sa pamamagitan ng mga tanda, nagpakita si Dr. Lee ng makapangyarihang pagkilos ng Diyos. At nagpatuloy ang paglaki ng iglesya.

Noong 1990, hinirang ang iglesya bilang isa sa limampung pangunahing mga iglesya sa buong mundo ng *Christian World* magasin ng Estados Unidos. Sa simula pa lang ng ikatlong milenyo AD, nakapagdaos na si Dr. Lee ng mga krusada sa ibang bansa na dinaluhan ng mula daan-daan hanggang milyung-milyong tao sa Estados Unidos, Pakistan, India, Russia, at Germany. At pinakamahalaga, noong 2009, naibalik niya ang ebanghelyo sa Israel nang magsagawa siya doon ng krusada ng pagkakaisa kung saan ipinahayag niya na si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin.

Ang 30 taong kasaysayan ng Manmin ay puno ng pagsunod at pag-ibig, kaya lubos ang pagpapasalamat ng mga miyembro. Nagkaroon ng matibay na pananampalataya ang mga miyembrong nagsikap tumulad sa Panginoon. Sila ay naging espirituwal at banal dahil pinasagana nila ang mga kaluluwa nila. 'Nagpupumilit' silang marating ang Bagong Jerusalem, ang pinakamaluwalhating tahanan sa Langit.

Naging malawak na rin ang nasasakop ng GCN TV sa pamamagitan ng pang-buong mundong pagbobrodkast. Umabot na ito sa 176 na bansa. Ipinapakalat ng iglesya ang ebanghelyo ng kabanalan sa pamamagitan ng mga kaanib na mga organisasyon tulad ng Urim Books (www.urimbooks.com), MIS (Manmin International Seminary), at WCDN (World Christian Doctors Network).

Magpapatuloy ang Manmin Central Church sa pag-aakay sa napakaraming mga kaluluwa sa daan ng kaligtasan. Papaabutin din sa kanila ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng kamangha-manghang kapangyarihan Niya na nakakapagpabago ng puso ng tao sa mga huling araw na ito na puno ng kasalanan at kasamaan. Higit pa riyan, itatayo ng iglesya ang Santuwaryo ng Canaan na magiging simula ng Pinakamalaking Santuwaryo sa pamamagitan ng mga biyayang mula sa Diyos. Ito ay pagtupad ng kalooban Niya. Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay sa Diyos na sumasa atin at nagbibigay ng masaganang bunga.

# Kung Sakali Mang Hindi

"Sina Shadrac, Meshac, at Abednego ay sumagot sa hari, 'O Nebukadnezar, hindi namin kailangang sagutin ka sa bagay na ito. Kung mangyayari na ang aming Diyos na pinaglilingkuran namin ay makapagliligtas sa amin sa hurno ng nagniningas na apoy; ay hayaang iligtas niya kami sa iyong kamay, O hari. Ngunit kung sakali mang hindi, dapat mong malaman, O hari, na hindi kami maglilingkod sa iyong mga diyos, ni sasamba man sa rebultong ginto na iyong ipinatayo.'" (Daniel 3:16-18)

Sa kasalukuyan, inuuna ng mga tao ang sariling pakinabang at naghihintay ng kapalit sa mga ginagawa nila para sa kapwa. Sa halip na unahin ang ibang tao at magsakripisyo, kumikilos lang sila kung may nagawang tulong para sa kanila ang ibang tao. May mga kondisyon pa sila bago kumilos, o bago gawin ang tungkulin nila.

Natural lang na magmahalan ang mag-asawa, palakihin ng mga magulang ang mga anak nila, at igalang ng mga anak ang mga magulang nila. Pero sa panahon ngayon, mamahalin at gagawin ng mga tao ang tungkulin nila kung makikinabang sila. Paano ito kikilalaning tunay na pag-ibig o kabutihan sa mata ng Diyos?

Ano ang kabutihan na katanggap-tanggap at kalugud-lugod sa Diyos? Pag-aralan natin ang kabutihan ng tatlong kaibigan ni Daniel na binihag noong panahon ni Nebukadnezar, hari ng Babilonia.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

## 1. Ipinagpatuloy ng tatlong kaibigan ni Daniel ang pananampalataya nila.

Isang araw, gumawa ng rebultong ginto si Haring Nebukadnezar. Nagsugo siya para tipunin ang mga tagapangasiwa ng lalawigan, mga kinatawan, mga gobernador, mga tagapayo, mga ingat-yaman, mga hukom, at ang lahat ng mga pinuno ng mga lalawigan upang pumunta sa pagtatalaga ng rebultong itinayo niya. At inutusan niya silang magpatirapa at sumamba sa gintong rebulto. Sinabi pa niya, "Sinumang hindi magpatirapa at sumamba ay kaagad na ihahagis sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy" (Daniel 3:1-7).

Ipinarating din ang kautusang ito sa tatlong kaibigan ni Daniel na siyang namamahala sa lalawigan ng Babilonia kahit mga bihag sila mula sa Jerusalem. Subalit ni hindi sila nagpatirapa sa harapan ng rebulto dahil naniniwala at naglilingkod sila sa Diyos. Sinabi nila sa Daniel 3:17-18: "Kung mangyayari na ang aming Diyos na pinaglilingkuran namin ay makapagliligtas sa amin sa hurno ng nagniningas na apoy; ay hayaang iligtas Niya kami sa iyong kamay, O hari. Ngunit kung sakali mang hindi, dapat mong malaman, O hari, na hindi kami maglilingkod sa iyong mga diyos, ni sasamba man sa rebultong ginto na iyong ipinatayo."

Buong tapang nilang sinabi na hindi sila sasamba sa diyus-diyosan kahit hindi sila iligtas ng Diyos. Hindi ito nangangahulugang hindi sila nakakatiyak kung ililigtas nga sila ng Diyos. Ang ibig sabihin nito ay hindi magbabago ang pagtitiwala at pagmamahal nila sa Diyos kahit hindi Niya sila iligtas. Mayroon silang lubos na tiwala at pag-asa sa Diyos na Siyang may hawak ng mga kaluluwa nila.

Nagpasalamat na lang sila kahit mamatay pa sila. Nang hindi sila nagpatirapa sa harapan ng rebulto, nagalit ang hari at ipinatapon sila sa naglalagablab na hurno na pinainit ng pitong beses sa dating init nito (Daniel 3:19-23).

Subalit may nangyaring nakakagulat at nakakamangha. Hindi sila nasunog, ni ang mga buhok nila. Nakita ng hari ang pangyayari, namangha siya, at niluwalhati niya ang Diyos. Iniutos niya na huwag magsalita ng anuman laban sa Diyos na nagligtas sa tatlong kaibigan ni Daniel. Itinaas niya ang katungkulan ng tatlo sa Babilonia (Daniel 3:28-30).

Itinuturo sa atin dito na kung tama sa paningin ng Diyos ang pagtanggap at pagharap natin sa mga pagsubok, bibigyan Niya tayo ng mas malaking pagpapala. Batid na ng Diyos na hindi tatalikuran ng tatlong kaibigan ni Daniel ang pananampalataya nila kahit ikamatay pa nila ito, kaya hinayaan Niyang dumaan sila sa pagsubok. Nahayag ang kaluwalhatian Niya sa pangyayaring ito.

## 2. Pananampalatayang kayang ialay ang buhay

Dapat ninyong suriin ang mga sarili ninyo kung umaasa kayong basta na lang ninyo tatanggapin ang mga solusyon sa mga problema ninyo nang hindi man lang ginagawa ang dapat ninyong gawin o kaya naman ay kung sumusuko na kaagad kayo bago pa mahirapan.

May mga nananalangin ng ganito: "Kung sasagutin Mo ang dalangin ko para sa negosyo ko, mas matapat akong maglilingkod sa Iyo. Mas malaki ang handog na ibibigay ko at magiging masipag ako sa pananalangin kung palalaguin Mo ang negosyo ko." Subalit dapat munang maghasik ang taong ito ng binhi ng pananalangin, mga handog, at paglilingkod – sa pananiniwalang kalooban ng Diyos na mag-aani tayo kung ano ang itatanim natin. Kaya, mag-aani siya kapag dumating na ang tamang panahon.

Ganito rin ang nangyayari sa mga nagdurusa sa karamdaman. Marahil sinasabi ng isang taong maysakit, "Kung pagagalingin Mo ako, boluntaryo akong maglilingkod sa Iyo at magiging tapat ako sa kaharian Mo." Hindi nangungusap sa Diyos ang mga ganitong panalangin. Dapat munang alamin ng taong ito kung bakit siya nagkasakit sa pamamagitan ng paglingon sa naging takbo ng buhay niya. Magpasalamat siya sa Diyos na tumutulong sa kanya para malaman ito at iwaksi ang mga kasalanan niya para maging banal siya.

Walang kondisyon ang pananampalataya ng tatlong kaibigan ni Daniel. Nagawa nilang ibigay pati ang buhay nila dahil matatag ang pananampalataya nila. Magpasalamat kayo kahit hindi sagutin ng Diyos ang mga dalangin ninyo, magtiwala lang kayo na mayroong mas magandang plano ang Diyos para sa inyo. Kung may pananampalataya kayong katulad ng tatlong kaibigan ni Daniel, magagalak ang Diyos sa inyo. Sasamahan Niya kayo at ililigtas sa kamatayan.

Lahat ng tao ay nakatalagang magdusa sa walang hanggang Impiyerno dahil inapo tayo ni Adan na nagkasala. Pero dumating sa mundo si Jesus, ang tanging Anak ng Diyos, para tubusin tayo sa kasalanan natin. Nagdusa Siya sa krus at namatay dahil sa kasalanan ng tao. Samakatwid, kung sinong tatanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas ay papatawarin sa lahat ng mga kasalanan niya, maliligtas siya, at tatamasa ng buhay na walang hanggan sa magandang Langit. Dapat kayong magpasalamat at magalak lagi sa katotohanang ito kahit hindi ninyo tanggapin ang sagot sa mga dalangin ninyo.

## 3. Inilaan ni apostol Pablo ang buhay niya para sa Panginoon

Kahit nagdusa si apostol Pablo hanggang sa kamatayan niya magmula nang makilala niya ang Panginoon, hindi nagbago ang pagmamahal niya sa Kanya. Sa Ang Mga Gawa 20:24, sinabi niya, "Ngunit hindi ko itinuturing ang aking buhay na mahalaga sa aking sarili, upang maganap ko lamang ang aking katungkulan at ang ministeryong tinanggap ko sa Panginoong Jesus, na magpatotoo sa magandang balita ng biyaya ng Diyos."

Sa Ang Mga Gawa 21, sinabi ng isang propetang si Agabo, "Ganito ang sinasabi ng Espiritu Santo, 'Ganito gagapusin ng mga Judio sa Jerusalem ang lalaking may-ari ng sinturong ito, at siya'y kanilang ibibigay sa mga kamay ng mga Hentil.'" Sumagot si Pablo, "...Handa ako na hindi lamang gapusin, kundi mamatay rin naman sa Jerusalem dahil sa pangalan ng Panginoong Jesus." Hindi natinag ang pananampalataya niya, hindi rin siya bumigay, ni hindi natakot na mamatay.

Ganito din ang nakasulat sa 2 Mga Taga-Corinto 11:23-27, "Sila ba'y mga ministro ni Cristo? (Ako'y nagsasalita na parang isang baliw.) Lalo pa ako na mas maraming pagpapagal, mas maraming pagkabilanggo, ng di mabilang na bugbog, at malimit na mabingit sa kamatayan. Sa mga Judio ay limang ulit akong tumanggap ng apatnapung hagupit, kulang ng isa. Tatlong ulit na ako'y hinampas ng mga pamalo, minsan ako'y pinagbabato. Tatlong ulit na ako'y nawasakan ng barko, isang araw at isang gabing ako'y nasa laot; nasa madalas na paglalakbay, nasa panganib sa mga ilog, panganib sa mga magnanakaw, panganib sa aking mga kababayan, panganib sa mga Hentil, panganib sa lungsod, panganib sa mga ilang, panganib sa dagat, panganib kasama ng mga huwad na kapatid; sa pagpapagal at hirap, sa mga pagpupuyat, sa gutom at uhaw, madalas na walang pagkain, giniginaw at hubad."

Nagalak at nagpasalamat sa Panginoon si Pablo sa pananampalatayang walang kondisyon. Kahit nasa piitan siya, hiniling niya sa mga mananampalataya na magalak palagi, manalanging walang patid, at magpasalamat sa lahat ng bagay gaya ng nakasulat sa 1 Mga Taga-Tesalonica 5:16-18. Sa katunayan, siya ay binugbog, binihag, at itinaboy, pero hindi siya nahirapan. Nagpasalamat lang siya sa Panginoon dahil binago siya bilang taong umuusig sa mga mananampalataya at naging taong inuusig dahil sa Panginoon. Nagsikap lang siyang bayaran ang dugo ng Panginoon sa pamamagitan ng pagliligtas ng isa pang kaluluwa.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, gaano ba ang pagpapasalamat at kagalakan ninyo kapag may mga pagsubok na dumarating sa inyo? Idinadalangin ko na magtagumpay nawa kayo at luwalhatiin ninyo ang Diyos gaya ng tatlong kaibigan ni Daniel at ni apostol Pablo na nagpakita ng mabuting halimbawa ng pananampalataya.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.


"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin




# Sa Mahalagang Paglalakbay sa Israel para Magmisyon-Naipahayag si Jesu-Cristo!




### Sinimulan ni Dr. Jaerock Lee ang 777 araw na ministeryo sa Israel

Noong Hulyo 25, 1982, itinayo ng Diyos ang Manmin Central Church at binigyan Niya ito ng pangitain (vision) para sa pambansa at pandaigdigang pangangaral ng ebanghelyo at ang pagtatayo ng pinakamalaking santuwaryo. Sinabi niyang 'gigisingin' ng iglesyang ito ang mga Israelita kapag malapit nang dumating ang Panginoon.

Sa wakas, noong Hulyo 25, 2007, niloob ng Diyos na magkaroon ng unang pagtitipon sa Nazaret kung saan lumaki si Jesus. Iyon ang ika-25 anibersaryo ng pagbubukas ng iglesya. Magmula noon, sa labindalawang pagbisita niya sa lugar, ipinangaral niya ang ebanghelyo – sinundan niya ang mga yapak ng Panginoon mula sa Hilaga patungo sa Timog sa loob ng tatlong taon.

Dahil sa pagbisita niya sa lugar at sa maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu, natanto ng mga pastor na taga-Israel ang pag-ibig at kalooban ng Diyos para sa Israel. Nagkaisa sila tungkol sa paglago ng mga iglesya sa Israel, dahil dito, nagtatag sila ng samahan ng mga pastor na tinawag nilang ‘Crystal Forum’. Habang nagiging matatag ang komunidad ng mga Cristiano sa Israel, nagsimula na si Dr. Lee ng masigasig na pangangaral ng ebanghelyo sa mga Judio para tuparin ang kalooban ng Diyos na nakasulat sa Biblia. Ang mga Judiong ito ay mahigpit pa ring sumusunod sa mga kautusan at tradisyon ng matatanda.

### Idinaos sa International Convention Center ng Jerusalem ang Krusada ng Pagkakaisa sa Israel noong 2009




Noong Setyembre 6-7, 2009, idinaos ni Dr. Jaerock Lee ang Krusada ng Pagkakaisa sa Israel sa International Convention Center (ICC) sa Jerusalem, ang pangunahing lungsod ng Israel. Ito ay pinamunuan ng Crystal Forum. Ang krusada ay may paksang “God is Great” (Ang Diyos ay Dakila) at dinaluhan ng mga taga Israel at ng mga taong nagmula pa sa 36 na mga bansa. Naging makasaysayan ang okasyon ito.

Ibinahagi ni Dr. Lee ang mensaheng “God the Creator” (Ang Diyos na Manlilikha) at “Why is Jesus Our Only Savior?” (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?). Pinatunayan ang mga ipinahayag niya ng mga sumusunod na tanda: napakaraming taong gumaling sa pamamagitan ng panalangin niya para sa mga may sakit. Pumila sila at naghintay ng pagkakataong makapagbigay ng patotoo tungkol sa paggaling nila.

Ang krusada ay isinalin sa walong wika at naka-brodkast habang ginaganap sa GCN TV, Enlace, CNL, TBN Russia, at Digital Congo. Higit pa riyan, ipinalabas din ito sa mga pampublikong istasyon, sa cable TV, at satellite TV tulad ng Day Star, Miracle TV, Heaven TV7. Dahil dito, nai-brodkast ang krusada sa humigit-kumulang 220 bansa. Ipinapalagay na wala pang nakakapantay sa krusadang ito sa kasaysayan ng Cristianismo.

### Umulan sa Israel pagkatapos ng makapangyarihang panalangin sa Krusada ng Pagkakaisa

Noong 2009, hirap na hirap ang Israel sa matinding kakulangan ng tubig dahil sa mahabang panahon ng tag-tuyot. Sa krusada, nanalangin si Dr. Lee para umulan. Sinabi ni Pastor Daniel Rozen, pangulo ng Crystal Forum, “Martes noon, katatapos lang ng krusada, nabalitaan ko sa TV na umuulan sa gitnang bahagi ng Israel. Bihirang-bihirang umulan sa Israel kapag Setyembre. Pero, malakas ang ulan habang papunta ako sa Tel Aviv mula sa Jerusalem, isang linggo pagkatapos ng krusada. Nangyari ang ipinanalangin ni Dr. Lee. Patunay ito na kasama namin ang Diyos.”

Ayon sa balita ng Israeli Meteorological Administration, mas malakas ang buhos ng ulan noong panahong iyon kumpara sa karaniwang buhos sa mga nakaraang taon. Ibinalita ng The *Jerusalem Post*, ang pangunahing diyaryo ng Israel, “Nanalangin si Rev. Dr. Jaerock Lee ng Manmin Central Church ng Korea para umulan sa Israel.” At tinalakay din ito sa *In Victory*, ang pangunahing Cristianong website sa mga bansang Ruso, pinamagatan nila itong “Nanalangin para Umulan ang Koreanong Pastor.”

### Ipinapangaral ng mga Messianic Jews (mga Judiong naniniwala na si Jesus ang Mesyas) ang ebanghelyo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu

Magmula noong idinaos ang krusada ng pagkakaisa sa Israel, parami nang parami ang sumasanib sa Crystal Forum at muling sumisigla ang mga iglesya. Nagdadaos sila ng espesyal na krusada taun-taon para gunitain ang krusada sa Israel na idinaos ni Dr. Jaerock Lee noong 2009. Sa katunayan, pinabayaan at tinalikuran na ng lipunan ang mga Messianic Jews dahil tinanggap nila si Jesu-Cristo. Subalit dahil sa mga kaganapang ito, muli silang naging masigasig at nangunguna pa sa pagbabahagi ng ebanghelyo.

Nakapagdaos na ang ilang mga pastor na taga-Israel ng mga mahimalang pulong na may panyong nagpapagaling, pinanalanginan ito ni Dr. Lee. Hindi lang ito naganap sa Israel kundi sa marami pang ibang bansa kasama na ang Estados Unidos, Rusya, Ukraine, Bulgaria, Estonia, at Finland (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Mabibili na din sa Israel ang mga libro ni Dr. Lee tulad ng *Awaken Israel*, *The Message of the Cross*, *The Measure of Faith*, *Tasting Eternal Life Before Death*, at *Heaven I at II* na isinalin sa iba’t ibang wika. Nagiging popular na ang mga librong ito. At syempre, ang mga kurso sa MIS (Manmin International Seminary) ay bukas para tumulong sa espirituwal na paglago ng mga pastor at mga mananampalataya doon.

Sa kasalukuyan, mapapanood sa Israel ang mga sermon ni Dr. Lee at ang pananalangin niya para sa may sakit sa pamamagitan ng TBN Russia, CNL TV, Holy God TV, at Rodnoy Israel TV.



Ang Krusada ng Pagkakaisa sa Israel noong 2009 – sa pangunguna ni Dr. Jaerock Lee

GCN
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS
Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN
World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com

# "Umapaw ang Biyaya Nang Makalaya Ako sa Bisyong Pangungutang"



**Diakono Seokhun Kim** (Masan Manmin Church, Timog Korea)

Ipinanganak ako sa probinsya ng Gyeongsangnam-do. Bata pa ako nang mamatay ang tatay ko kaya nanay ko lang ang nagpalaki sa akin.

Noong Mayo 1994, nagparehistro ako sa Masan Manmin Church pagkatapos kong mag sundalo. Nakatulong sa akin ang librong patotoo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, ang *Tasting Eternal Life Before Death*, at ang mga sermon niyang punung-puno ng buhay para mawala ang pagiging mahiyain ko, lumakas ang loob at maging aktibo. Masyado akong naging masigasig, pero hindi ko naman gaanong isinabuhay ang Salita ng Diyos. Noong panahong iyon, hindi ako maingat sa paggamit ng credit card, naggagarantiya ako para sa ibang tao, at padalus-dalos sa pagpapatakbo ng negosyo. Dahil dito, nagkaproblema ako sa pera.

### Lumaki ang mga pagkakautang dahil sa credit card at hindi pinag-isipang pamumuhunan

Noong Nobyembre 2001, nagpakasal kami ni Diakonesa Sukyung Ahn. Nagtatrabaho siya sa Masan Manmin Kindergarten at pianista din siya ng iglesya. Napakadami kong utang kaya malaking bahagi ng suweldo niya ang napupunta sa pagbabayad ng mga utang ko.

Para makabayad ako sa mga utang ko, nangutang ulit ako ng pangpuhunan sa stock market. Hinati ang pang puhunan, kaya lalong lumaki ang utang ko. Hindi ko maipaliwanag ang sakit na idinulot nito sa akin.

Sa wakas, nagretiro na ako at ginamit ko ang tinanggap kong 'retirement pay' sa pagbabayad ng ilan sa mga utang ko. Noong Pebrero 2008, nagbukas ako ng tindahan ng mga pagkaing pampalusog. Hindi ko inaasahang magiging maganda ang bentahan, kaya tumatag agad ang negosyo ko. Pero natukso na naman ako. Inisip ko, "Kapag naka-jackpot ako sa stock market, mababayaran kong lahat ang utang ko." Inilagay kong lahat ang pera ko sa stocks. Pero bumagsak ang stocks dahil sa krisis sa ekonomiya sa Estados Unidos. Bumaba ang benta sa tindahan ko dahil naapektuhan din ang ekonomiya sa Korea. Naipit ako sa malalang situwasyong ito, subalit may pangyayaring nakapagpabago sa buhay ko.

### Nanumbalik ang pananampalataya ko nang masunog ang tindahan ko, inihahanda ko na ang wastong sisidlan para sa mga biyaya

Noong Nobyembre 2008, may tumawag sa akin, nasusunog daw ang tindahan ko. Nanginig ang mga binti ko at kung anu-anong naisip ko. "Diyos ko! Patawarin Mo ako. Patawarin Mo ako dahil umasa ako sa sarili kong gusto at dunong, at hindi sa Iyo." Nagsisi ako at nanalangin, nagmamadaling pumunta sa tindahan ko.

Salamat naman, hindi pala ang tindahan ko ang nasunog kundi ang katabing gusali. Mayroon lang 8sm sa pagitan ng dalawang gusali, pero hindi umabot ang apoy sa tindahan ko. Nang sandaling iyon, naalala ko si Dr. Jaerock Lee na palaging nananalangin para sa mga miyembro ng Manmin. Napaiyak ako sa pasasalamat. Pinagsisihan ko na hindi ako lumakad sa tamang daan at naging masiba kahit tinuruan kami ng Punong Pastor kung paano tatanggapin ang mga biyaya.

### Ibinigay ng Diyos ang lahat ng pangangailangan ko, umaapaw ang mga biyaya Niya

Noong panahong iyon, nagdaos ang iglesya ng dalawang espesyal na sesyong magkasunod na pulong panalanging Daniel sa loob ng anim na linggo. Lubog ako sa kahirapan, nanalangin ako habang umiiyak sa pulong panalangin. Inayos ko ang buhay-Cristiano ko, at nakatiyak na malalampasan ko ang lahat ng bagay. Pagkatapos nito, biniyayaan na ako ng Diyos.

Noong Setyembre 2009, isinara ko ang tindahan ko. Pagkatanggap ko ng basbas ni Dr. Lee, pumasok ako sa kumpanyang Seoul Joonang Insurance sa Masan. Dahil dumaan ako sa mahalagang pagdurusa, gusto kong tumulong sa mahihirap. Gusto kong palawigin ang kaharian ng Diyos at dalhin ang maraming kaluluwa sa kaligtasan. Pagkatapos ng dalawang linggong pagsasanay, nagsimula na ako sa trabaho ko. Nagulat ako dahil sa loob lang ng isang buwan, nasa pangalawang pwesto agad ako. Pagkalipas ng isang taon, nabayaran ko na lahat ng mga utang ko at tumaas pa ang posisyon ko sa trabaho. Biniyayaan ako ng Diyos.

Samantala, napansin kong nagiging masiba at mayabang na naman ako. Naalala ko ang buhay ko noon at ang mga biyayang ibinigay ng Diyos sa akin. Nagpasiya akong huwag kalimutan ang mga pagpapala Niya. Sa ikalawang taon ko sa kumpanya, nagsimula akong regular na maghandog ng dobleng ikapu ng sweldo ko at marami pang ibang handog bilang pasasalamat sa mga pagpapala Niya.

Noong Nobyembre 2011, nakipagkita ang buong pamilya ko kay Dr. Lee sa opisina niya. Ibinigay ko sa kanya ang pinakaunang bahagi ng naipon ko para sa ministeryo niya. Idinalangin niya kami para sa mga pagpapala. Noong sumunod na buwan, hinirang akong pinakamahusay na empleyado. Tumanggap ako ng pera bilang premyo. Umabot sa 400 milyon won, mga US$350,000, ang sweldo ko sa isang taon. Marami ring gantimpalang iginawad sa akin tulad ng Pinakamahusay na Empleyado, Pinakamagaling sa Trabaho, at marami pang iba. Higit pa riyan, nakabili na ako ng sariling bahay at nagkaanak na kami. Hindi namin kayang gawin ito dati dahil nga sa problema namin sa pera.

Umaapaw ang kasayahan ko dahil sa pag-ibig at pagpapala ng Diyos. Lubos akong nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na may Tatlong Persona dahil nag-aani ako ng itinanim ko, at ng mahigit pang mga biyaya dahil sa pananalangin ng pastol.



# "Dahil Tinanggap Ko ang Panginoon, Nagpapasalamat Ako sa Lahat ng Bagay"

**Kap. Nakamura Yui** (Tokyo Manmin Church, Japan)

Isang araw noong 2011, binigyan ako ng kaibigan ko ng mga libro ni Dr. Jaerock Lee na *The Message of the Cross, Heaven I at II*, at *Hell*. Lumaki ako sa isang pamilyang walang pinaniniwalaang relihiyon kaya nabigla ako nang malaman kong mayroon palang Langit at Impiyerno.

Noong Disyembre 2011, tinanggap ko ang Panginoon at nagsimula akong dumalo sa Tokyo Manmin Church. Magmula noon, maraming pagbabago ang nangyari sa buhay ko. Nagsimula akong magpasalamat sa mga bagay na binabalewala ko dati mula umaga hanggang gabi. Dahil nagsikap akong ipamuhay ang Salita ng Diyos, umapaw ang kasayahan sa kaibuturan ng puso ko.

Naranasan ko rin ang kapangyarihan ng Diyos. Pagkatapos kong ipahid ang Muan Sweet Water (tubig alat na naging tubig na maaaring inumin dahil sa dalangin ni Dr. Lee) sa mukha ko, nawala ang mga tagihawat ko. Nawala ang pamamaga ng lalamunan (tonsillitis) ng kapatid kong babae pagkatapos niyang inumin ang tubig at gumaling ang allergy sa pollen ng kapatid kong lalaki na tatlong taon nang nagpapahirap sa kanya. Naranasan ko ang napakamakapangyarihang pagkilos ng Diyos kaya tinanggap ko ang Panginoon.

Hindi pa natapos diyan ang pagdating ng mga biyaya. Nagbago din ang mga magulang ko na dati ay walang interes sa pagsisimba. Pinayagan nila akong dumalo sa 2012 Retreat sa Tag-init ng Manmin na idinaos sa Korea. Ang saya-saya ko kapag naaalala ko ang pagpapala ng Diyos na umapaw sa retreat na iyon. Nagpapasalamat ako sa Panginoon na gumagabay sa akin sa daan patungo sa kaligtasan.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714